



# Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



Setyembre, 2017

## Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

### Tulay na Nagdudugtong sa Kultura at Sports, Gawa na!



Imahe ng tulay



Mapa ng paligid

Opisyal na bubuksan sa Setyembre 30 ang tulay na nagdudugtong sa “Gifu Seiryu Bunka Plaza” at “Gifu Memorial Center”. Ang pagbubukas nito na nagdudugtong sa dalawang pasilidad ay magbibigay daan sa iba’t

ibang cultural at sports events. Sa araw din na ito ang pagdiriwang ng unang taong pagbukas ng “Gifu Seiryu Recreation Festival”, at iba pa. Gaganapin sa susunod na araw, Oktubre 1, ang mga course meeting at hands-on experience events na may tema tungkol sa ‘Industriya ng Sasakyan at iba pang Panghimpapawid at Pangkalawakan (o Aerospace)’.

Sa dalawang araw din na ito, magaganap ang ‘Gifu no Ki Festa 2017’ kung saan mayroong palaruan, maze, at iba pang bagay na gawa sa kahoy. Sa mga araw din na ito, mayroong mga hands-on recreation corner, mga stalls na nagbebenta ng malinamnam na gourmet ng lokalidad atbp., at mga events na maaaring salihan. Halina’t makisaya.

●Populasyon sa Prepektura

**2,013,506** (Nabawasan ng 797 katao)

Lalaki: 975,442 (Nabawasan ng 410 katao)

Babae: 1,038,064 (Nabawasan ng 387 katao)

※Hunyo 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.

※Inihambing sa ( ) ng nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモだより

hanapin

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televisi

(Palabas) Huwebes 18:53 - 18:57

(Replay) Martes 21:54 - 21:58

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Pindutin ang “d” button para makuha ang lokal na impormasyon!



#### ◆Main Event (Programa)

#### ●Setyembre 30 (Sabado)

##### <Gifu Seiryu Bunka Plaza>

- Opening Ceremony ng Tulay (sa rooftop garden)
- Cultural Event: ‘Nakasendo’ (Nagaragawa Hall)

##### <Gifu Memorial Center>

- Gifu Seiryu Recreation Festival (sa Fure- Ai Dome, De- Ai Dome, atbp.)
- ‘Gifu no Ki Festa 2017’ , Recreation Trial Corner (sa malawak na damuhan na area)
- Mga stalls na nagtitinda ng mga lokal na gourmet, mga sikat at espesyal na produkto (sa paligid ng Sansan- dekki)

#### ●Oktubre 1 (Linggo)

##### <Gifu Seiryu Bunka Plaza>

- Aerospace Themed Event: Course Meeting at Hands-on Experience (sa Nagaragawa Hall, atbp.)

##### <Gifu Memorial Center>

- Gifu Seiryu Recreation Festival (sa Fure- Ai Dome, De- Ai Dome, atbp.)
- ‘Gifu no Ki Festa 2017’ , Recreation Trial Corner (sa malawak na damuhan na area)
- Mga stalls na nagtitinda ng mga lokal na gourmet, mga sikat at espesyal na produkto (sa paligid ng Sansan- dekki)

#### ◆Admission Fee: Libre

#### ◆Para sa mga Katanungan:

Gifu Prefecture Policy Planning Division

☎058-272-1856 (wikang hapon lamang)

FAX 058- 278- 3542

# Kahon ng Impormasyon

## Impormasyon Patok na Drive- plan Paikot sa Toyama

Alinsunod sa pagtaguyod ng palitan ng Gifu at Toyama Prefecture, sa Hulyo 5: 'Araw ng Toyama- Gifu Exchange', bukas ang lahat ng daanan para sa Tokai- Hokuriku Expressway. Subukan ang proyekto ng dalawang prepektura at mag- joyride kasama ng inyong pamilya o mga kaibigan papuntang Toyama, na kinumpera sa Switzerland, gamit ang expressway discount (para sa naka- set na bayad, walang limit ang pag- drive sa paligid na lugar). Ang guidebook kung saan nakasulat ang model course ay nakalagay sa mga Service Area ng expressway, estasyon ng train, atbp sa loob ng sakop na lugar.

●**Panahon ng Pagpapatupad:** hanggang Nobyembre 30 (Huwebes)

●**Section at Bayad:**

(**Toyama/ Hida Area Round-trip Course:** kapag tuluy- tuloy, maximum ng 2 araw)

Hokuriku Road: Kanazawa East Interchange~ Asahi Interchange

Tokai- Hokuriku Road: Oyabe Tonami Junction~ Hida Kiyomi Interchange

Regular na Sasakyan= ¥3,500; Kei- car= ¥2,800

(**Toyama/ Hida/ Gujo Area Round- trip Course:** kapag tuluy- tuloy, maximum ng 3 araw)

Hokuriku Road: Kanazawa East Interchange~ Asahi Interchange

Tokai- Hokuriku Road: Oyabe Tonami Junction~ Gujo Hachiman Interchange

Regular na Sasakyan = ¥6,500; Kei- car= ¥5,300

●**Mga Kondisyon:** may ETC na Sasakyan (Regular na Sasakyan, Kei- car, o Motorcycle)

●**Kailangan ng Advanced Application sa Central NEXCO Official Website**

●**Para sa Katanungan:** Central NEXCO Customer Center ☎0120- 922- 229 (wikang Hapon lamang), kung hindi matawagan ang free- dial, mangyaring tawagan ang sumusunod na numero: ☎052- 223-0333(wikang Hapon lamang)

## Pangangalap Tulong- salapi para sa Proyektong Nagpapabuti sa Pagtanggap ng mga Dayuhang Turista

Nagbibigay ng tulong- salapi sa mga tindahan, bahay- panuluyan/ inn, atbp. na nais mapabuti ang kanilang pagtanggap sa mga dayuhang turista.

●**Tutulungang Proyekto:** Mga (1) Tax- free, (2) Multilingual, at (3) Wi-fi Area, na proyekto

●**Eligible na Tao:** (1) taong may negosyo sa loob ng Gifu Prefecture, (2) at (3) taong may bahay- panuluyan/ inn, atbp. sa loob ng Gifu Prefecture.

●**Paraan ng Aplikasyon:** gamit ang koreo (para sa application form at importanteng detalye, sumangguni sa website)

●**Deadline ng Aplikasyon:** Ilalathala sa website kung tapos na ang pagtanggap ng aplikasyon.

●**Para sa mga Katanungan:** Gifu International Affairs Division ☎058-272-8360 (wikang Hapon lamang)

●**Hanaping salita:** 岐阜県受入環境整備補助金

## Pangangalap Nangangalap ng mga Sasali sa Minami- Hida Overnight Bus Tour!

Sa pagsanib ng 'Kurso ng Pangkalusugang Ekspiryensa' na pinapatupad ng Minami- Hida Health Promotion Center (Gero- shi) at ng pag- akit ng turista ng Minami- Hida, nakabuo ng overnight bus tour na layuning pasiglahin ang mga pupunta sa mga luntian at kakahuyan ng Minami- Hida.

●**Petsa:** Oktubre 23 (Lunes)~ 24 (Martes), departure mula sa Gifu Prefectural Government Bldg.

●**Itinerary:** Unang Araw: Minami- Hida Health Promotion Center (gagawa ng soba/ buckwheat noodle at subukin maligo sa kakahuyan), at mag- overnight sa Gero Onsen

Pangalawang Araw: Hiking papuntang talon/ waterfalls ng Osaka- cho, at pupuntang Himesyaga Spa

●**Kapasidad:** 40 katao (bunutan)

●**Bayad:** ¥14,500 (4.5 tao/ 1 kwarto); ¥15,000 (3 tao/ 1 kwarto); ¥15,800 (2 tao/ 1 kwarto)

●**Paraan ng Aplikasyon:** gamit ang Return- paid postcard (*oufuku hagaki*), FAX, E- mail (isulat ang pangalan, edad, kasarian ng lahat na pupunta; tirahan at telepono ng representatibo; at bilang ng mga taong pupunta)

●**Deadline ng Aplikasyon:** bago mag- Setyembre 22 (Biyernes)

●**Nagpapatupad ng Turismo:** Meitetsu Kanko Bus (Ltd.), Gifu Branch

(〒500-8288 Gifu-shi Naka- uzura 3-23-1)

●**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** ☎ 058-276-1177 (wikang Hapon lamang); FAX 058-275-0733;

✉yuya.kumazawa@meitetsu-kankobus.co.jp (maliban sa Sabado, Linggo at National Holiday)

●**Hanaping salita:** 南飛騨健康増進センター

## Impormasyon Pagbukas ng 'Art Market'

Ang 'Art Market', na dinirekta ni Katsuhiko Hibino, ay isang espesyal na eksibit na binuksan sa Gifu Museum of Fine Arts. Ang tema ng eksibit ngayon ay '*Tsuna- gari*'. Sa pakikipagtulungan ng mga akademya, institusyon, grupo at iba pa sa loob ng prepektura, nakabuo ng eksibit kung saan pinapakita ang 'koneksyon' ng lahat ng tao- may kapansanan man o wala. Sa patyo ng museo, naglagay ng mga malalaking tatsulok na tabing (sunblind) upang hindi masyadong mainitan ng araw, at makagawa ng lugar na magtitipon at magkaroon ng 'koneksyon' ang mga tao. Sa panahon din ng eksibit, mayroong ibibigay na workshop ang museum director o bawat akademya.

●**Petsa:** Agosto 25 (Biyernes)~ Nobyembre 3 (Biyernes, Nat. Holiday)

- **Lugar:** sa patyo ng Gifu Museum of Fine Arts (Gifu- shi)
- **Limited na Kapasidad:** Hindi
- **Bayad:** Libre
- **Aplikasyon:** Hindi kinakailangan
- **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** The Museum of Fine Arts, Gifu  
☎058-271-1313 (wikang Hapon lamang); FAX 058- 271- 1315
- **Hanaping salita:** 岐阜県美術館

#### **Pangangalap** Nangangalap ng Sasali sa “Ayu ng Seiryu Nagaragawa” Experience Tour, Autumn Course

Upang lalong maintindihan ang World Agricultural Heritage na ‘Ayu ng Seiryu Nagaragawa’ at maipa- alam sa madaming tao ang Nagaragawa System, nagbukas ng experience tour na magbibigay kaalaman sa agrikultura, pangisdaan, tradisyonal na kultura, at pag- aaral ng kapaligiran. Mayroong limang (5) tour course na inaalok -“World Cultural Heritage, ‘Hon Mino- shi’ at Mino Akari Art (Creative Lantern) Exhibition”, atbp.

#### ● **Petsa:** ① Oktubre 1 (Linggo)

② Oktubre 7 (Sabado)

③ Oktubre 14 (Sabado)

④ Oktubre 22 (Linggo)

⑤ Oktubre 28 (Sabado)

- **Lugar:** Sa lambak ng apat (4) na lungsod (Gifu-shi, Seki-shi, Mino-shi at Gujo-shi)
- **Kapasidad:** Nagbabago ayon sa course na pipiliin (ngunit, first-come-first-served)
- **Bayad:** Nagbabago ayon sa course na pipiliin
- **Paraan ng Aplikasyon (Application Form):** Sa pamamagitan ng fax o e- mail (para sa mga detalye, sumangguni sa likod ng pamphlet na naka- post sa ibabang website)
- **Deadline ng Aplikasyon:** Pitong (7) araw bago ang Opening Day. Ngunit maaaring matapos ang aplikasyon kapag naabot ang kapasidad.
- **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Meitetsu Tourism Service (Ltd.), Gifu Branch  
☎058-265-8103 (wikang Hapon lamang); FAX 058- 263- 5059; ✉ seiryu-ayu@mwt.co.jp
- **Hanaping salita:** 名鉄観光 長良川の鮎

#### **Impormasyon** Pagbukas ng ‘Handicapped Support Project tomoni *Kenmin Musical*’

Isang musical na ang tema ay “kapansanan”. Isang original play base sa aktwal na karanasan ng mga may kapansanan na ginampanan ng professional musical actors at co- starring ang mga mamamayan ng prepektura (kasali sa kanila ang mga taong may kapansanan). Inaasahan ang inyong pagdalo.

- **Petsa:** Setyembre 23 (Sabado/ Nat. Holiday); simula ng performance ay 16:00
- **Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza, Nagaragawa Hall (Gifu- shi)
- **Kapasidad:** 450 katao
- **Bayad:** ¥2,000
- **Bilihan ng Admission Ticket:** Gifu Seiryu Bunka Plaza, Masa 21, o Ticket-Pia
- **Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Foundation for Education and Culture  
☎058-233- 8164 (wikang Hapon lamang) FAX 058- 233- 5811

**Ang impormasyong ito ay ayon sa kasalukuyan, Agosto 1, 2017.**

**Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag- ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division**

☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp/>